Hair Salons	**Mga Hair Salon**
What hair services are allowed under the new guidance?	**Anong mga serbisyo sa buhok ang pinapayagan sa ilalim ng bagong tagubilin?**
Under the new guidance, haircuts, weaves and extensions, braiding, lock maintenance, wig maintenance, hair relaxing treatments, and color services can be provided. Services that cannot be performed with face coverings on both the worker and customer or that require touching the customer's face, for example, eyelash services, eyebrow waxing and threading, facials, etc., are still not allowed.	Sa ilalim ng bagong tagubilin, pinapayagan ang mga serbisyo ng mga paggupit ng buhok, weave at extension, braiding, pangangalaga ng lock, pangangalaga ng wig, hair relaxing treatment, at pagkukulay. Hindi pa rin pinapayagan ang mga serbisyo na hindi magagawa kung may suot na face mask ang parehong gumagawa at ang customer o kung saan kinakailangang hawakan ang mukha ng customer, halimbawa, mga serbisyo sa pilikmata, waxing at threading ng kilay, facial, atbp.
How will I be protected from the spread of COVID-19 when I go get my haircut?	**Paano ako mapoprotektahan mula sa pagkalat ng COVID-19 kapag nagpapagupit ako?**
Salons are not returning to business-as-usual. Physical distancing measures will be in place, personal protective equipment must be worn. Salon operators must remove high-touch items, such as magazines and self-serve coffee. Stylists will only be able to serve one client at a time (previously, stylists might cut a client's hair while another client's hair was drying or processing).	Hindi pa makakabalik sa normal na negosyo ang mga salon. Ipatutupad ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansya, at dapat magsuot ng personal na pamprotektang kagamitan. Dapat alisin ng mga operator ng salon ang mga bagay na madalas hawakan, gaya ng mga magazine at self-serve na kape. Isang kliyente lang sa bawat pagkakataon ang pagsisilbihan ng mga stylist (dati, maaaring gupitan ng mga stylist ang isang kliyente habang pinatutuyo o pinoproseso pa ang buhok ng isa pang kliyente).
Salon operators must also implement new, stringent cleaning and disinfecting protocols.	Dapat ding magpatupad ang mga operator ng salon ng mga bago at mahigpit na protokol sa paglilinis at pag-disinfect.
How risky is it to get a haircut?	**Gaano kadelikadong magpagupit ng buhok?**
Los Angeles County would not have sought to reopen this service-based sector if the metrics that show our progress indicated uncontrolled COVID-19 infection rates.	Hindi tatangkain ng County ng Los Angeles na buksan ulit ang sektor na ito na nakabatay sa serbisyo kung makikita sa mga sukatan ng ating progreso na hindi

	nakokontrol ang mga rate ng pagkahawa sa COVID-19.
The protocols in place are there to protect our residents. As long as business owners/operators and clients follow the guidelines, the risk is reduced.	May mga protokol na ipinatutupad upang maprotektahan ang ating mga residente. Hangga't sumusunod sa mga alituntunin ang mga may-ari/operator ng negosyo at mga kliyente, mababawasan ang peligro.
Do I have to get my temperature checked before going inside?	**Kailangan ko bang ipasuri ang aking temperatura bago ako pumasok?**
It isn't required, but some businesses may choose to check the customer's temperature before moving forward with the appointment.	Hindi ito kinakailangan, ngunit may ilang negosyo na gustong suriin ang temperatura ng kostumer bago patuluyin sa kanyang appointment.
Employees and customers will be screened for symptoms, including cough and fever. Clients feeling unwell should reschedule their appointment.	Susuriin ang mga empleyado at kostumer para sa mga sintomas, kabilang ang ubo at lagnat. Dapat ilipat ng mga kliyente sa ibang araw ang kanilang appointment kung masama ang pakiramdam nila.
Can I get my hair blow dried?	**Maaari ko bang ipa-blow dry ang buhok ko?**
Yes.	Oo.
Can I get my hair washed?	**Maaari ko bang pahugasan ang buhok ko?**
Yes.	Oo.
Can I get my hair styled?	**Maaari ko bang palagyan ng style ang buhok ko?**
Yes.	Oo.
Can I get braids?	**Maaari ba akong mapagtirintas?**
Yes.	Oo.
Can I get a weave or hair extensions?	**Maaari ba akong magpalagay ng mga weave o hair extension?**
Yes.	Oo.
Can I get my hair colored?	**Maaari ba akong magpakulay ng buhok?**
Yes.	Oo.
Can I get my hair chemically treated?	**Maaari ba akong magpa-chemical treatment ng buhok?**

Yes.	Oo.
Do I have to wear a mask? How can I get a haircut with it on?	**Kailangan ko bang magsuot ng mask? Paano ako makakapagpagupit nang may suot na ganito?**
Yes, both you and the stylist must wear face coverings. Customers are encouraged to wear face coverings with ear loops to ensure the face covering does not interfere with the hair service.	Oo, dapat ay nakasuot kayo ng stylist mo ng face mask. Hinihikayat ang mga customer na magsuot ng face mask na may mga ear loop upang matiyak na hindi makakasagabal ang face mask sa serbisyo sa buhok.
Does my hairstylist have to wear a mask and/or gloves?	**Kailangan bang nakasuot ng mask at/o mga guwantes ang hairstylist ko?**
Yes, your hairstylist must wear a face covering and may wear gloves.	Oo, dapat ay nakasuot ng face mask ang iyong hairstylist at maaari din siyang magsuot ng mga guwantes.
Can I hang out at the salon?	**Maaari ba akong tumambay sa salon?**
No. We know salons are places of comfort and friendship, but at this time, in order to adhere to physical distancing requirements, only people with scheduled services are allowed to be in the salon while the service is ongoing. Once the appointment is finished, clients must leave.	Hindi. Alam namin na ang mga salon ay mga lugar para sa pagrerelaks at pakikisalamuha sa mga kaibigan, pero sa ngayon, upang makasunod sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya, ang mga tao lang na may mga nakaiskedyul na serbisyo ang pinapayagan sa loob ng salon habang isinasagawa ang serbisyo. Kapag natapos na ang appointment, dapat nang umalis ang mga kliyente.
What is the best way to pay?	**Ano ang pinakamainam na paraan sa pagbabayad?**
Cashless transactions are strongly encouraged.	Lubos na hinihikayat ang mga cashless na transaksyon.
<u>Related Services</u>	**<u>Mga Kaugnay na Serbisyo</u>**
Can I get my eyebrows or face waxed?	**Maaari ko bang ipa-wax ang aking mga kilay o mukha?**
No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.

Can I get a facial?	**Maaari ba akong magpa-facial?**
No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.
Can I get a massage?	**Maaari ba akong magpamasahe?**
No, spa services are not included in this phase of reopening.	Hindi, hindi kasama ang mga serbisyo ng spa sa yugtong ito ng muling pagbubukas.
Can I get my nails done?	**Maaari ba akong magpaayos/magpalinis ng mga kuko?**
No, nail salons are not open at this time.	Hindi, hindi pa bukas ang mga nail salon sa ngayon.
Can I get a pedicure?	**Maaari ba akong magpa-pedicure?**
No, nail salons are not open at this time.	Hindi, hindi pa bukas ang mga nail salon sa ngayon.
Can I get eyelash extensions?	**Maaari ba akong magpalagay ng mga extension na pilikmata?**
No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.
Barbershops	**Mga Barberya**
Can I get my beard trimmed?	**Maaari ba akong magpa-trim ng balbas?**
No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.
Can I get my face shaved?	**Maaari ba akong magpaahit ng mukha?**
No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.
Can I get my eyebrows or face waxed?	**Maaari ko bang ipa-wax ang aking mga kilay o mukha?**

No, services that require that a client remove a mask and/or that require the technician touch the client's face are not allowed.	Hindi pinapayagan ang mga serbisyo kung saan kinakailangan ng kliyenteng magtanggal ng mask at/o kinakailangan ng technician na hawakan ang mukha ng kliyente.
Do I have to wear a mask? How can I get a haircut with it on?	**Kailangan ko bang magsuot ng mask? Paano ako makakapagpagupit nang may suot na ganito?**
Yes, both you and the stylist must wear a mask. Customers are encouraged to wear	Oo, dapat ay nakasuot kayo ng stylist mo ng mask. Hinihikayat ang mga kostumer na magsuot ng
face coverings with ear loops to ensure the face covering does not interfere with the hair service.	face mask na may mga ear loop upang matiyak na hindi makakasagabal ang face mask sa serbisyo sa buhok.
Does my barber have to wear a mask and/or gloves?	**Kailangan bang nakasuot ng mask at/o mga guwantes ang barbero ko?**
Yes, your barber must wear a face covering and may wear gloves.	Oo, dapat ay nakasuot ng face mask ang iyong barbero at maaari din siyang magsuot ng mga guwantes.
Can I hang out at the barbershop?	**Maaari ba akong tumambay sa barberya?**
No. We know barbershops are places of comfort and friendship, but at this time, in order to adhere to physical distancing requirements, only people with scheduled services are allowed to be in the salon while the service is ongoing. Once the appointment is finished, clients must leave.	Hindi. Alam namin na ang mga barberya ay mga lugar para sa pagrerelaks at pakikisalamuha sa mga kaibigan, pero sa ngayon, upang makasunod sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya, ang mga tao lang na may mga nakaiskedyul na serbisyo ang pinapayagan sa loob ng barberya habang isinasagawa ang serbisyo. Kapag natapos na ang appointment, dapat nang umalis ang mga kliyente.